Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-13 NG DISYEMBRE 1993 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamahala ng pulong |
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - | Kagawad |
| Kgg. Rey T. Amparo | - | -do- |
| Kgg. Eduardo A. Buruanga | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Severino P. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Oscar C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ronald S. Rondael | - | SK Pangulo |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Dolores S. Bago | - | Kagawad - Leave |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- - Leave |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - | ABC Pangulo-Leave |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

"RESOLUSYON BLG. 93-12-074

RESOLUSYON NG PAKIKIPAGDALAMHATI SA MAAGANG PAGPANAW NI DR. EUGENIO A. MAKA, JR, PINUNO NG PAMBAYANG TANGGAPAN NG KALUSUGAN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO

"SAPAGKAT, ang buong pamayanan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nakadama ng isang matinding dagok sa maagang pagpanaw ng isa sa pinakamamahal nitong anak na si Dr. Eugenio A. Maka, Jr., ang kauna-unahang nakatapos ng medisina mula sa Bayang ito;

"SAPAGKAT, si Dr. Eugenio " Boy " A. Maka, Jr. ay naging larawan ng isang tunay at ulirang manggagawa ng pamahalaan sa pamamagitan ng kanyang walang-sawang pagbibigay ng tulong at pagpapakita ng dalisay na pagmamalasakit sa mga residente ng Bulalacao, lalung higit sa mas nakararaming mahihirap na mamamayan nito;

"SAPAGKAT, sa kabila ng katotohanan na siya man ay may karamdaman rin ay patuloy niyang ibinigay ang kanyang sarili sa paglilingkod sa bayan hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay;

DAHIL DITO: IPINAPASIYA GAYA NG GINAGAWANG PAGPAPASIYA NA ang pamahalaang lokal ay makidalamhati sa maagang pagpanaw ni Dr. Eugenio A. Maka, Jr., Pinuno ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan, Bulalacao, Silangang Mindoro;

IPINAPASIYA PARIN NA ang orihinal na sipi ng resolusyong ito ay ipadala sa pamilya ng mga naulila sa lalong madaling pamahon;

SA MUNGKAHI ni Kgg. Eduardo A. Buruanga na pinangalawahan ni Kgg. Oscar C. Familara, ang resolusyong ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:

ISINAGAWA ngayong ika-13 ng Disyembre, 1993 dito sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Scanned with CamScanner

KGG. ELMO M. BACULINAO
Kagawad

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. EDUARDO A. BURUANGA
Kagawad

KGG. SENEN C. FAMILARA
Kagawad

KGG. SEVERINO P. BANTUGAN
Kagawad

KGG. OSCAR C. FAMILARA
Kagawad

KGG. RONALD S. RONDAEL
SK Pangulo

SINAKSIHAN:

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamahala ng pulong

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

PINAGTIBAY:

SIXTO O. BARRIENTOS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: ________

-jap-

Scanned with CamScanner